REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

**KAPASIYAHAN BILANG 91-179-A**

**KAPASIYAHAN NA SINUSUSUGAN ANG KAPASIYAHAN BILANG 91-179 AT BINIBIGYAN NG KAPANGYARIHAN ANG PUNONG BAYAN IGNACIO R. BUNYE NA MAKIPAG-ALAM AT PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN SA FEB INVESTMENTS, INC. NA MAKAPAG-ISYU NG MUNICIPAL SAVINGS BONDS NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANG MILYONG PISO (P5,000,000) UPANG MATUSTUSANG ANG NATITIRANG GASTUSIN SA PAGPAPAGAWA NG ALABANG DIVERSION ROAD.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

**SAPAGKAT,** ang FEB Investments, Inc ay binibigyan ng kapangyarihan ng Sangguniang Bayan upang mamahala ng pagpapalabas ng municipal savings bonds;

**SAPAGKAT,** ang Far East Bank & Trust Company (Trust Banking Group) ay binibigyan ng kapangyarihan ng Sangguniang Bayan na umakto bilang tagapag-ingat, tagatanggap, tagalipat at ahensiyang tagapagbayad para sa pag-iisyu ng municipal savings bonds;

**SAPAGKAT,** pinagtitibay ng Sangguniang Bayan ang saligan at kondisyon na nakapaloob sa kasunduang inihanda ng FEB Investments, Inc. at ang paglakip ng kapasiyahang ito sa nabanggit na kasunduan;

**SAPAGKAT,** binibigyan ng kapangyarihan ang pamahalaang bayan na magpalabas (float) ng bonds alinsunod sa Presidential Decree 752;

**SAPAGKAT,** maglalaan ng kaukulang apropriasyon sa badyet ng pamahalaang bayan upang mapunuan ang kabayaran sa buwis kontra sa kabayaran sa prinsipal;

**SAPAGKAT,** pinapagtibay ng Sangguniang Bayan ang pagpapagawa ng Alabang Diversion Road;

**SAPAGKAT,** sa Labing Isang Milyong Piso (P11,000,000) na badyet para sa pagpapagawa ng Alabang Diversion Road ay Anim na Milyong Piso (P6,000,000) lamang ang inilaan ng pamahalaang nasyonal at ang natitirang Limang Milyong Piso (P5,000,000) ay magmumula sa ipalalabas na Muntinlupa Municipal Savings Bonds;

**SAPAGKAT,** sa pamamagitan ng pagpapalabas at pag-iisyu ng Municipal Savings Bonds ay mahihimok at makakakuha ng mga pribadong pondo upang matustusan ang mga proyekto ng pamahalaang bayan;

**SAPAGKAT,** sa pamamagitan ng pagpapalabas ng Savings Bonds ay mapapabilis ang implementasyon at pagsasakatuparan ng mga mahahalagang proyektong pang-kaunlaran tulad ng mga proyektong sariling nalilikida (self-liquidating) at mararagdagan ang pagtutulungan at kooperasyon ng pamahalaan at pribadong sektor sa pagsasagawa ng mga programa ng pamahalaan.

REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

**SAPAGKAT,** malaking tulong sa maliliit na nag-iimpok sa bangko kung kukuha ng Savings Bonds dulot ng higit na malaking tubo nito kaysa ordinaryong savings deposit;

**SAPAGKAT,** ang Bayan ng Muntinlupa ang siyang magiging kaunaunahang Bayan na gagamit ng savings bonds upang matustusan ang mga proyekto nito.

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na sinususugan ang Kapasiyahan bilang 91-179 at binibigyan ng kapangyarihan ang Punong Bayan Ignacio R. Bunye na makipag-alam at pumasok sa isang kasunduan sa FEB Investments,Inc. na makapag-isyu ng Municipal Savings Bonds na nagkakahalaga ng Limang Milyong Piso (P5,000,000.00) upang matustusan ang natitirang gastusin sa pagpapagawa ng Alabang Diversion Road.

**PINAGTIBAY,** ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa,Kalakhang Maynila sa kanilang Tanging Pulong na ginanap ngayong ika-29 ng Abril 1991 sa Tanggapan ng Punong Bayan.

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

(hindi dumalo)
**KGG. CARLO G. TENSUAN**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsenal

(hindi lumahok)
**KGG. EPIFANIO B. ESPELETA**

(Hindi lumahok)
**KGG. REY E. BULAY**

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsenal

**KGG. NEMESIO O. MOZO**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ROGER C. SMITH**
Konsehal

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
Konsehal

**KGG. VICENTE YU CHUA**
Konsehal

**PINATOTOHANAN:**

**PETER B. SALONGA**
Pambayang Kalihim

**PBS/vts**